


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 34: Pagtukoy ng Nagsasalita sa Binasang Kuwento o Tula



MTB-MLE – Unang Baitang Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 34: Pagtukoy ng Nagsasalita sa Binasang
Kuwento o Tula
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Evelyn C. Pereda

Editor: Melany D. Belgica, Mark-Jhon R. Prestoza, Ronald M. Masiddo,
Jun-Jun R. Ramos, Mark-Jhon R. Prestoza,
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Tagasuri: Marietess B. Baquiran, James D. Pamittan

Tagaguhit: Nerissa G. Tagacay

Tagalapat: Jesieca C. Bulauan, Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James Pamittan
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Maritess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao
City, 3500 Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 34:
Pagtukoy ng Nagsasalita sa
Binasang Kuwento o Tula

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyong pag-aaral. Ang saklaw ng modyul ay pinapahintulutang magamit sa ibat ibang sitwasyong pang - akademika. Ang lengguahe ay naaayon sa bokabularyo at antas ng mag-aaral.

Ang mga aralin ay napagsunod-sunod ayon sa pamantayan ng aralin. Ngunit ang pagkasunod- sunod nito ay maaaring magbago kaalinsunod ng librong iyo ngayon ay ginagamit.

Ang modyul ay may isang bahagi, ito ay:

- Aralin1 – MTB-MLE: Pagtukoy ng nagsasalita sabinasang kuwento o tula.


Pagkatapos masagutan ang modyul, ikaw ay inaasahang:

1. Natutukoy ang nagsasalita sa kuwento o tulang binasa.
2. Nasasagutan ang iba pang mga tanong.



Subukin

A. Ano ang unang pumapasok sa iyong isipan kapag nabasa o narinig mo ang salitang uwak?



Sagutin ang mga sumusunod:
Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Kailan uhaw na uhaw si uwak?
 - a. Isang araw na malamig ang panahon.
 - b. Isang araw na mainit ang panahon.
 - c. Isang araw na naubos ang tubig.
2. Ano ang kanyang nahanap?
 - a. Isang banga na puno ng tubig.
 - b. Isang banga na kaunti ang tubig.
 - c. Isang banga na walang tubig.
3. Ano ang ginawa ng uwak upang siya ay makainom?
 - a. Nilagyan niya ng maliliit na bato ang banga.
 - b. Tinuka niya ang banga.
 - c. Ibunuhos niya ang tubig.

4. Bilang tagapasalita sa kuwento ano ang masasabi mo sa uwak?

a. Bilang tagapagsalita, masaya ako na siya ay maparaang ibon.

b. Bilang tagapagsalita, maganda ang aral na mapupulot mula rito.

c. Bilang tagapagsalita, magandang basahin ang kuwento sapagkat nag dudulot ito ng masayang damdamin at puno ito ng pangaral.

5. Kung ikaw si uwak, mayroon ka pa bang ibang maisip, na paraan para makainom sa tubig ng banga?

a. Oo, pataubin ko ang banga.

b. Oo, lagyan ko rin ng kahit buto ng mais.

c. Oo, basagin ko ang banga.

Aralin1

Pagtukoy sa Nagsasalita sa Binasang Kuwento o Tulang

Sa araling ito, matututuhan kung paano maibibigay ang wakas sa kuwentong napakinggan batay sa mga detalyeng nabanggit, sa naramdaman o sariling karanasan.



Balikan


Ang Nauuhaw na Uwak

Isang araw na napakainit, umaga pa lamang ay uhaw na uhaw na si uwak. Kaya siya ay naghanap ng maiinuman. Sa kanyang paglipad at paghahanap ay may nakita siyang banga. Mayroon itong kakaunting tubig kung kaya't hindi niya ito maabot. Nag-isip siya kung paano siya makakainom. Nilagyan niya ito ng mga maliliit na bato upang tumaas ang tubig. Masayang masayaang uwak sapagkat sa wakas nakainom na rin siya.

Sagutan ang mga sumusunod:

Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang unang pumapasok sa iyong isipan kapag nabasa o narinig mo ang salitang uwak?



2. Kailan uhaw na uhaw si uwak?

- a. Isang araw na malamig ang panahon.
- b. Isang araw na mainit ang panahon.
- c. Isang araw na naubos ang tubig.

3. Ano ang kanyang nahanap?

- a. Isang banga na puno ng tubig.
- b. Isang banga na kaunti ang tubig.
- c. Isang banga na walang tubig.

4. Ano ang ginawa ng uwak upang siya ay makainom?

- a. Nilagyan niya ng maliliit na bato ang banga.
- b. Tinuka niya ang banga.
- c. Ibunuhos niya ang tubig.

5. Bilang tagapasalita sa kuwento ano ang masasabi mo sa uwak?
- a. Bilang tagapagsalita, masaya ako na siya ay maparaang ibon.
 - b. Bilang tagapagsalita, maganda ang aral na mapupulot mula rito.
 - c. Bilang tagapagsalita, magandang basahin ang kuwento sapagkat nagdudulot ito ng masayang damdamin at puno ito ng pangaral.
6. Kung ikaw si uwak, mayroon ka pa bang ibang maisip na paraan para makainom sa tubig ng banga?
- a. Oo, pataubin ko ang banga.
 - b. Oo, lagyan ko rin ng kahit buto ng mais.
 - c. Oo, basagin ko ang banga.



Tuklasin

Ako ay Mahalaga

Mahalaga ako sa inyong pangangatawan. Sa babae at lalaki, bata at matanda man. Sakit ay maiiwasan, gaganda ang kalusugan. Ako ay pampalakas, mainam sa katawan.

Kaya't magtanim na at inyong alagaan.

Sagutan ang mga sumusunod:


Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang tula?
a. gulay b. bitamina c. kalusugan
2. Mayroon ba akong naitutulong sa inyong kalusugan?
a. opo b. wala c. siguro
3. Alin sa mga sumusunod ang nabanggit ng nagsasalita sa tula?
a. nagpapalakas b. nagpapalusog c. nag-aalaga
4. Bakit ako maituturing na mahalaga?
a. mahalaga dahil nagpapalakas sa mata
b. nakapagpapalusog sa katawan upang maiwasan ang sakit
c. dahil ako ay mura lamang
5. Sino ang nagsasalita sa tula?
a. halaman b. hayop c. Tao




Suriin

- Ang maikling kuwento ay isang akdangpampanitikan na sa pamamagitan ng mga pangungusap at talata'y binubuo ng may-akda upang sa kanyang kapangyarihan at kakayahan bilang isang alagad ng panitikan, mailahad niya ang isang pangyayari sabuhay ng pangunahing tauhan, makapagkintal ng bisa sa puso at diwa ng mambabasa.
- Ang tula ay anyo ng panitikan at ito ay binubuo ng taludtod. Ito ay nagpapahayag ng damdamin ng isang tao. Ito ay binubuo ng mga saknong at ang mga saknong ay binubuo ng mga taludtod.
Ang tula ay nagpapahayag ng magagandang kaisipan at pananalita sa pamamagitan ng mga taludtod. Ang kalipunan ng mga taludtod ay tinatawag na **saknong**.
Ang tula ay nagpapahayag ng damdamin, kaisipan, gamit ang marikit na salita.



Pagyamanin

Ang Ibon



Ako ay may ibon,
Hinuli sa parang, ngayon
ibinigay ni Dondon
Sa basket niya itinago noon

Inuwi sa bahay
Siya pala'y may pilay
Ako ay naawa Kaya
aking pinalaya

Sagutan ang mga sumusunod:

Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang tula?

a. ibon

b. bata

c. Dondon

2. Ano ang ginawa sa ibon?

a. hinuli ito

b. pinalaya ito sa huli

c. inilagay sa basket

3. Saan nahuli ang ibon?

a. sa gubat

b. sa parang

c. sa bahay

4. Sino ang nagsasalita sa tula?

a. ako

b. kami

c. sila

5. Kung kayo ang bata sa tula, gagayahin ninyo rin ba ang kanyang ginawa? Bakit?

- a. Opo, dahil kawawa naman ang ibon
- b. Hindi, dahil hinuli ko na at ilalagay ko sa kulungan.
- c. Opo, pakakawalan ko siya pero aalagaan komuna ang pilay niya saka ko pakawalan.



Isaisip

❖ Ang nagsasalita sa tula o kuwento ay tinatawag na **persona**. Ito ay tumutukoy sa nagsasalita sa tula at maaring nasa una, ikalawa o ikatlong panauhan



Isagawa

Naglaro kami

Madilim na ngunit nasa labas pa rin kami. Ayaw pa naming umuwi ni Ana. “Isa, dalawa, tatlo,” sabi ni Moira na nagtatago malapit sa may goma. Nagtago naman si Dina malapit sa may kakahuyan. Si Dona naman ay tumakbo malapit sa maisan.

Matagal muna bago kami nakauwi. Makati ang balat ni Moira. Pagkalipas ng isang araw ay nilagnat na si Moira.

Sinabi ng doctor na mayroon dengue fever si Moira. “Maari kong nakuha ito noong naglaro kami”, sambit niya sa kanyang sarili.

“Kailangang malinis lagi ang inyong bahay at ang paligid nito. Huwag ninyong hayaang maipon ang tubig sa goma o sa mga alulod paalala sa amin ng doktor. Dito nagingitlog ang mga lamok,” dagdag pa niya.

Sagutan ang mga sumusunod:

Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang kuwento?
 - a. tungkol sa doktor
 - b. tungkol sa dengue fever
 - c. tungkol sa batang nagkasakit ng dengue fever

2. Sino sino ang mga tao sa kuwento?
 - a. doktor, kapatid, magkakaibaigan, nanay
 - b. doktor, nanay, tatay, magkakaibigan
 - c. nanay, tatay, doctor, guro

3. Bakit nilagnat si Moira ?Ano ang sinabi ng doctor?
 - a. dahil kinagat siya ng lamok
 - b. dahil naglaro siya
 - c. dahil hindi siya naliligo

4. Sa kuwento, sino ang nagsasalita o ang persona?
- a. nanay b. tatay c. Kapatid
5. Ano ang aral na matutunan natin sa kuwento?
- a. maging malinis sa paligid
b. kumain ng chichirya
c. huwag maglaro



Tayahin

Makabagong Bayani

Ni Evelyn C. Pereda

Ako'y itinuturing na makabagong bayani
Hindi tumitigil, pinagyayamang lupa
Binubungkal sa tuwi-tuwina.

Sa araw ng kagipitan
Lalo na ngayong may Covid na pandemic,
Mga pananim namin
Mainam na panlaban sa sakit.

Mga bayani kami'y maituturing
Halaga namin ay di maililihim
Sapagkat pangangailangang pangunahin
Ng sambayanang pilipino aming tutugunin.

Sagutan ang mga sumusunod:

Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang tula?
 - a. Ang tula ay tungkol sa mga magsasaka.
 - b. Ang tula ay tungkol sa pagtatanim.
 - c. Ang tula ay tungkol sa COVID.
2. Ano ang kanilang ginagawa para sa sambayanan?
 - a. Sila ay nagtatanim ng mga pananim.
 - b. Sila ay pumupuksa ng peste.
 - c. Sila ay nagbabayanihan.
3. Sino ang nagsasalita o persona sa tula?
 - a. magsasaka
 - b. doctor
 - c. guro
4. Bakit sila itinuring na mga makabagong bayani?
 - a. Sila ay makabagong bayani dahil maganda ang kanilang ani.
 - b. Makabagong bayani ang turing sa kanila dahil patuloy silang tumutulong sa buong sambayanan sa pamamagitan ng pagtatanim.
 - c. Sila ay makabagong bayani dahil tumutulong sila sa mahirap.
5. Bilang bata paano ka nakatutulong sa ating mga makabagong bayani?
 - a. Para makatulong ay tutulong ako sa mga magulang ko sa pagtatanim
 - b. Para makatulong ay maglilinis ako
 - c. Mag-aaral akong mabuti at tutulong ako sa pagtatanim sa aming bakuran



Karagdagang Gawain

Maglaro Tayo

Maraming bata sa malawak na palaruan. Nagkakagulo sila. Iba-ibang laro ang gusto nilang gawin. Napapansin kong may kanya-kanya silang pangkat ng kalaro. Tanging si Via ang walang kalaro. Tahimik siyang nanonood sa mga batang naglalaro. May isang batang babaeng lumapit sa kanya. Ngumiti ang bata. Yumuko si Via. Nahihiya siya.

“Bakit ayaw mong makipaglaro?” tanong ng batang babae.

“Bago lamang ako rito,” maikling sagot ni Via.” Pareho pala tayo. Bagong lipat din ako rito. Dati sa probinsya kami nakatira. Lumipat kami rito dahil dito na ang trabaho ng tatay ko,” ang paliwanag ng bata.

“May kaibigan ka na ba rito?” tanong ni Bea na tila sumaya dahil sa narinig. “Alam mo, marami namang laro na hindi kailangang tumakbo,” dagdag pa niya.

Kung gusto mo, maglaro tayo ng pitik-bulag, bugtungan, dyak-en-poy, o kaya’y jackstone,” paliwanag ni Bea.

“Sige, maglaro tayo ng jackstone,” sagot ni Via.

At masayang naglaro ang bagong magkaibigan. Natuwa ako sa aking nakita, sapagkat nakikita kong may kalaro na siya.

Sagutan ang mga sumusunod:

Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Sino ang dalawang bagong magkaibigan?
 - a. Si Via at Bea
 - b. Si Ivy at Via
 - c. Si Bea at Ivy
2. Ano ang kapansanan ni Via?
 - a. Si Via ay di makakita
 - b. Si Via ay di makalakad
 - c. Si Via ay di makarinig.
3. Bakit nilapitan ni Bea si Via?
 - a. Tinawag siya nito upang maglaro.
 - b. Nakita niya ito na malungkot kaya nilapitan niya ito
 - c. Gusto niyang sumali sa kanilang laro.
4. Sino ang nagsasalita sa kwento? Persona?
 - a. Si Via
 - b. Si Bea
 - c. Ang guro
5. Bilang bata, paano mo maipakikita ang pagmamalasakit sa kapwa mag-aaral?
 - a. Tumulong sa nangangailangan.
 - b. Tulungan lang ang kaibigan.
 - c. Tulungan lang kung tutulungan ka rin.




Susi sa Pagwawasto

Subukin A.

1. b
2. b
3. a
4. c
5. b

Tuklasin

1. a
2. a
3. a
4. b
5. a



2. b
3. b
4. a
5. c
6. b

Isagawa
1. c
2. a
3. a
4. c
5. a

Pagymanin
1. a
2. b
3. b
4. a
5. c

karagdang gawain
1. a
2. b
3. b
4. c
5. a

tayahin
1. a
2. a
3. a
4. b
5. b
6. c

Sanggunian

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph